


# PONDO NG PINOY SUNDAY

## Solemnity of the Most Holy Trinity

Gospel: Matthew 28:16-20

### Iisa Sa Tatlong Persona

By: Rev. Fr. Camilo C. Caabay
Priest Coordinator, Pondo ng Pinoy Desk
Apostolic Vicariate of Puerto Princesa

Today is the Solemnity of the Most Holy Trinity. Today, we are celebrating the doctrine of the Catholic Church teaching us that there is one God, but in this one God, there are three divine persons, the Father, the Son and the Holy Spirit.

The Father is our creator, the Son, our redeemer and the Holy Spirit our sanctifier. Ito pong three persons na ito ay magkakaiba, but they are equal. Ang ibig sabihin ay God the Father is not God the Son, God the Son is not God the Holy Spirit, and God the Holy Spirit is not God the Father. Ngunit sila ay "equal," meaning ang tatlong persona na ito, pare-pareho po sila na perfect.

Ang biblical basis ng doctrine na ito ay ang ebanghelyo ngayon. Sinabi ni Hesus, "baptizing them in the name of the Father, and of the Son and of the Holy Spirit." Tuwing tayo ay nagdiriwang ng mga sakramento at nananalangin, lagi nating sinisimulan sa pagaantanda ng krus "sa ngalan ng Ama, at ng Anak, at ng Espiritu Santo." Ito ay pagpapahayag natin sa iisang Diyos na may tatlong persona.

Maaaring sasabihin ninyo, "Father, ipaliwanag po ninyo sa amin ang ibig sabihin ng 'there is one God, and in this one God, there are three divine persons.'" Hindi po natin lubusang maipapaliwanag ang Banal na Santatlo sapagkat ito ay isang mystery o something which the human mind cannot fully understand, cannot comprehend. Kahit gaano katalino ay hindi kayang maintindihan ang mystery of the Holy Trinity. Ngunit tinatanggap natin ito dahil sa ating pananampalataya at pananalig sa Diyos.

**Walang Hanggang Pagibig at Pagmamahal ng Banal na Santatlo Nawa'y Mamayani sa Atin**

Ang buhay at relasyon ng Banal na Santatlo ay ang walang hanggang pagibig at pagmamahal ng Diyos Ama, Diyos Anak at Diyos Espiritu Santo sa bawat isa. Ang relasyon ito ang katangiang dapat mamayani sa puso ng bawat tao—isang banal na relasyon ng pagmamahalan, pagkakaisa at pagkakapantay-pantay. Isa itong patunay na puspos ng pagmamahal ang Diyos. Higit sa lahat, isang perpektong komunidad na may malalim na ugnayan sa bawat isa.

Ayon kay Pope Benedict XVI, the Holy Trinity are three persons who are one God because the Father is love, the Son is love and the Spirit is love. Idinagdag pa niya, God is wholly and only love, the purest, infinite and eternal love. Ayon naman kay Papa Francisco, "the holy trinity is a dynamism of love, of communion and of mutual service, of sharing." Ipinaliwanag niya na ang taong nagmamahal sa kanyang kapwa bunsod ng isang dalisay at matamis na pagibig ay repleksyon ng pagibig ng Banal na Santatlo. Sa katunayan, ani ng Santo Papa, ng pamilya kung saan ang bawat miyembro nito ay handang magmahal at magbigay ng sarili para sa kabutihan ng kanyang kapamilya ay repleksyon ng Santatlo. Ang parokya kung saan ang mga parokyano ay nagmamahalan at nagbabahagi ng kanilang ispirituwal at materyal na kakayahan ay repleksyon ng Banal na Santatlo.

*Continued on page 2*

## Connecting with People During Pandemic is an Act of Charity Inspired by the Holy Spirit



**Reflection on the Gospel**

by: Ms. Carmelita Abello

Diocesan Coordinator, Pondo ng Pinoy Desk
Archdiocese of Palo

"Go therefore and make disciples of all nations, baptizing them in the name of the Father, of the Son and of the Holy Spirit and teaching them all that I commanded you." This summoning of Jesus can always be addressed not only to his disciples but to each devout Catholic who is trying to reach the hearts of the needy and the poor in spirit who are willing to receive God in their lives and follow his commandments.

The mission of the Holy Trinity has always been the mission of the Church which is the spreading of the Kingdom of God. This is also my mission as a Pondo ng Pinoy volunteer—to connect with others, to live a life of holiness, to know God, to love and serve God and at the same time to help others to do the same.

This longing for connectedness is all the more needed in this period of COVID-19 pandemic which not only destroys people but destroys souls longing for God. People could not go to Church easily; could not be visited or visit others and share Jesus with them. It limits us our actions in bridging this longing. However, connecting in the midst of the pandemic is a self-giving moment, a sacrifice, which I can always give while being very careful.

I always take inspiration from the Holy Trinity who is always a model of union and love. This union and love can always be given to others, especially to those who could not reach God and those who are isolated because of quarantine protocols.

At the same time, following all the safety protocols is not only an act of unity with others but an act of charity itself, for protecting oneself is also protecting others like family.

All the People of God are one family. Being careful reflects the saving mission of the Holy Trinity. The summoning of Jesus tells me that I should care for others, for my neighbors, and for my family, whether it is pandemic or not, just like the Holy Trinity, being one God in three divine persons, acting as one to care for what the Father had created. Jesus went down to die and save us from our sins; the Holy Spirit sanctifies and guides those whom the Father and the Son care for.

God always has a reason for everything that happens in our life. In the end, it inspires me to know that to care, to connect, to sanctify, to share happiness with others by giving of one's self, to protect and to love others even in a pandemic is the core mission of the Holy Trinity for the salvation and sanctification of humanity.

The summoning of Jesus tells me that I should care for others, for my neighbors, and for my family, whether it is pandemic or not, just like the Holy Trinity, being one God in three divine persons, acting as one to care for what the Father had created.

*Continued from page 1*

Ang Pondo ng Pinoy ay pag-ibig ng Diyos at ng pagkakaisa. Ang pagbibigay ng bente singko sentimos ay isang uri ng pagibig, "anumang magaling kahit maliit basta't malimit ay patungong langit."

Nawa'y sa pamamagitan ng Pondo ng Pinoy, lalo nating mapalalim ang ating relasyon sa Diyos at sa kapwa. Katulad ng Banal na Santatlo, ang Pondo ng Pinoy ay isang komunidad ng pagibig. Nawa'y maisabuhay natin ang magandang ugnayan, pagkakaisa at pagmamahalan ng Banal na Santatlo lalo't upang maiibsan ang hirap, worry, at anxiety na nadarama ng marami ngayong panahon ng krisis.

Sa katunayan, ani ng Santo Papa, ang pamilya kung saan ang bawat miyembro nito ay handang magmahal at magbigay ng sarili para sa kabutihan ng kanyang kapamilya ay repleksyon ng Santatlo. Ang parokya kung saan ang mga parokyano ay nagmamahalan at nagbabahagi ng kanilang ispirituwal at materyal na kakayahan ay repleksyon ng Banal na Santatlo.

# 16 Taong Karanasan at Biyaya sa Pag-ibig ng Diyos Bilang Priest Coordinator

By: Rev. Fr. Camilo C. Caabay

Payak. Simple. Ito ang pumasok sa aking isipan nang marinig ko sa unang pagkakataon ang mga salitang Pondo ng Pinoy. Ngunit habang tumatagal napagtanto kong hindi pala ito mga simpleng salita lamang. Ito ay programa na nakaugat sa pag-ibig ng Panginoon at pag-asa ng Pilipino.

Simula nang ako ay maitalaga bilang priest coordinator sa Bikaryato Apostoliko ng Puerto Princesa taong 2005, marami akong natutunan sa pagtataguyod ng Pondo ng Pinoy. Ang una at hindi ko makakalimutan ay ang motto/slogan na "anumang magaling, kahit maliit basta't malimit ay patungong langit."

Ang Pondo ng Pinoy ay isang paanyaya ng Panginoon na maging bukas-palad at matutong magbahagi nang kusang loob kahit sa pinakamaliit o payak na paraan. Sa halagang bente singko sentimos, lahat ng Pilipino, mayaman o mahirap, bata o may edad ay makakalahok na sa Pondo ng Pinoy. Binibigyang diin ng programa ang pagbabahagi sa kapwa nang may pag-ibig na nagmula sa pag-ibig ng Diyos na dumadaloy sa bawat Pilipino. Kaya espesyal ang Pondo ng Pinoy dahil nakasentro sa pag-ibig sa kapwa ang buong konspeto ng programa nito. Dahil sa pagmamahal ay mayroong nangyayaring milagro sa tuwing nag-aambag ng bente singko sentimos. Ano ang milagrong ito? Ang napakaliit na halaga na pinagsama-sama ay nakakabuo ng malaking halaga at nagagamit para tustusan ang mga proyektong pangkabuhayan o pangkaunlaran para sa mga nangangailangan nating kababayan. Tunay nga na ang pagbabahagi ng kaunting yaman nang may pagmamahal ay sapat na upang makatulong at magbigay ng pag-asa lalo na sa mga maralita.

Bilang priest coordinator, naging masaya ang paglilingkod ko sa Pondo ng Pinoy. Marami akong naging kaibigan na mga pari at layko. Maraming natanggap na mga blessing at projects — dalawampu't-limang proyekto para sa aming bikaryato na nagmula Pondo ng Pinoy.

Sa pagtatapos ng aking termino bilang priest coordinator sa loob ng labing-anim na taon, nais kong iparating ang aking taos-pusong pasasalamat sa mga karanasan, biyaya at kaalaman na natutunan ko sa pagdalao sa mga seminar at pagpupulong sa iba't ibang lugar.

Maraming salamat sa mga nakadaupang-palad kong mga Executive Director mula kay Mr. Ernesto Lim, hanggang kay Ms. Morena Cosare. Ang inyong dedikasyon ay lalong nagpatingkad at nagpayabong sa Pondo ng Pinoy. Higit sa lahat ay maraming salamat kay Cardinal Gaudencio Rosales, ang ama ng Pondo ng Pinoy. Sa kanyang pusong mapagmahal sa Panginoon at sa mga kapus-palad nating mga kababayan nagmula ang konsepto ng Pondo ng Pinoy.

Nagpapasalamat din ako sa Bikaryato Apostoliko ng Puerto Princesa mula sa aming Bishop Emeritus Pedro Arigo, D.D. at sa aming kasalukuyang obispo, Socrates Mesiona, MSP, D.D. sa tiwala at kumpiyansang ibinigay sa akin bilang priest coordinator. Makakaasa kayo na aking ipagpapatuloy ang aktibong pakikilahok at pagpapalaganap nito sa bago kong parokya sa bayan ng Narra, Palawan.

Muli, maraming salamat po sa lahat ng bumubuo ng Pondo ng Pinoy. Tunay ngang "anumang magaling, kahit maliit basta't malimit ay patungong langit." Mabuhay ang Pondo ng Pinoy!




**EDITORIAL BOARD**

Education Sub-Committee • Promotions Sub-Committee

Pondo ng Pinoy Community Foundation, Inc

Telephone no.: (02) 8527-8113 / (02) 8527-8114

Contact no.: (+63) 917-571-5988 / (+63) 928-507-8116

Pondo ng Pinoy Community Foundation, Inc. (PnPCFI)